



Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapan ng Pansangay
na Tagapamanihala**

MAY 20 2022

MEMORANDUM PANSANGAY

Blg. 102, s. 2022

DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, *Curriculum Implementation Division*
Punong Tagamasid, *School Governance and Operations Division*
Mga Pampublikong Punong-guro sa Elementarya at Sekondarya
Lahat ng Kinauukulan

1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng timpalak sa Dangal ng Wikang Filipino 2022. Bukas ang nominasyon sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang disiplina.
2. Ang huling araw ng pagpapasa ng nominasyon ay sa Hunyo 27, 2022 sa ganap na ika-5:00 ng hapon.
3. Kalakip nito ang Tuntunin sa Paglahok sa Dangal ng Wikang Filipino 2022 para sa mga karagdagang impormasyon.
4. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.


CARLEEN S. SEDILLA CESO V
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CONTESTS

LANGUAGE

LEARNING AREA, FILIPINO

JABC / Dangal ng Wikang Filipino 2022

102 May 19, 2022



Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan,
Muntinlupa City

(02) 805-9935, (02) 805 - 9940

 sdomuntinlupa@gmail.com



DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022, Bukás na para sa nominasyon!

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

1. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal, samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at/o disiplina.
2. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.
3. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa ibá't ibáng larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).
4. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.
5. Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: <https://forms.gle/a7BV2Yxw8FxJSMn8A>
 - (a)KWF Pormularyo ng Nominasyon <https://kwf.gov.ph/wp.../uploads/dangal-ng-wika-2021.pdf>;
 - (b) Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
 - (c) Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at (d) Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.
6. Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 5 at ipadalá sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2022

Komisyon sa Wikang Filipino

2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel

San Miguel, Maynila

7. Ang huling araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 27 HUNYO 2022, 5nh.

8. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2022 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa 29 Agosto 2022.

9. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.



DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2022

Bukás na para sa nominasyon!

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambago nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
www.kwf.gov.ph
komfil@kwf.gov.ph

